| Aralin 9 | الدرس التاسع |
|---|---|

## Ang Sujúdussahw السهو في الصلاة

Ang sujúdussahw ay dalawang sujúd (pagpapatirapa) na isinasagawa bago o matapos magsagawa ng taslím (pagsabi ng ***assalámu ‘alaykum wa rahmatu -lláh***) kapag **nagkamali** o **nagdudang nagkamali** sa pagsasagawa ng saláh. Ganito ang pagsasagawa nito: habang nakaupo ay magpatirapa at sabihin ang ***subhána rabbiya -l’a‘lá*** (3x), iangat ang ulo kasama ng katawan para maupo at sabihin ang ***rabbighfir lí warhamní wahdiní warzuqní wajburní wa ‘áfiní***. Muling magpatirapa at sabihin ang ***subhána rabbiya -l’a‘lá wa bihamdih*** (3x). Muling iangat ang ulo kasama ng katawan para maupo.

Kapag nagkamali ang Imám, tungkulin ng mga pinamumu-nuan niya na siya ay paalalahanang nagkamali sa pamamagi-tan ng pagsabi ng ***subhána -lláh***.

1. Kapag ang isa sa mga wájib sa saláh ay nakaligtaang gawin at naalaala o napaalalahanan na gawin iyon, magsasagawa ng aujúdussahw **bago magsagawa ng taslím.**
2. Kapag ang isa sa mga wájib sa saláh o mga rukn ng saláh ay **nagawa nang labis** at naalaala o napaalalahan na nagawa iyon, magsasagawa ng sujúdussahw **matapos magsagawa ng taslím at saka muling magsasagawa ng taslím.**
3. Kapag ang isa sa mga rukn ng saláh ay **nakaligtaan** at naa-laala o napaalalahanan na gawin iyon, **kailangang balikan iyon at isagawa** upang maging tanggap ang saláh at saka magsagawa ng sujúdussahw **bago magsagawa ng taslím.**
4. Kapag nagsagawa ng taslím bago tuluyang nakumpleto ang mga rak‘ah ng saláh at naalaala o naipaalaala nang maaga ang tungkol doon, isasagawa ang nakaligtaang rak‘ah, magsasagawa ng taslím pagkatapos niyon, magsasagawa ng sujúdussahw, at muling magsasagawa ng taslím. Halim-bawa: dalawang rak‘ah pa lamang ng saláh sa ‘asr ang natapos ngunit nagsagawa na ng taslím sa pag-aakalang natapos na ang apat na rak‘ah, kapag naalaala o napaa-lalahanan nang maaga tungkol doon ay isasagawa ang dalawang nakaligtaang rak‘ah, magsasagawa ng taslím matapos niyon, magsasagawa ng sujúdussahw, at muling magsasagawa ng taslím.
5. Kapag nagduda kung ilan ang rak‘ah ng saláh na natapos — halimbawa ay kung dalawa ba o tatlong rak‘ah na ang natapos sa saláh sa dhuhr — ang pipiliin ay ang pinakama-babang bilang ng rak‘ah. Kaya batay sa halimbawa natin ay ituturing na dalawang rak‘ah ang natapos. Ipagpapatu-loy ang saláh at magsasagawa ng sujúdussahw bago mag-sagawa ng taslím.
6. Kapag nagduda kung ilan ang rak‘ah ng saláh na nagawa — halimbawa ay kung dalawa ba o tatlong rak‘ah na ang natapos sa saláh sa ishá’— ngunit kung mas matimbang sa palagay na tatlong rak‘ah ang natapos, ituturing na tatlong rak‘ah ang natapos. Ipagpapatuloy ang pagsasagawa ng saláh. Matapos magsagawa ng taslím ay magsasagawa ng sujúdussahw at muling magsasagawa ng taslím.